



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

LANGGAPAN NG SANGGUNIANG DAYAN

SINIPI SA KATITIRAN NG IKA-24 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG DAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 17 HULYO 2000, IKA-020 NG UMAAGA SA BULWAGANG PULINGAN NG BARANGAY SAN AQUILINO, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifiel, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Daticos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin
Konsehal Randy P. Valonora

Tagapangulo

Pangulo, Liga ng mga Barangay
Pangulo, Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 070
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN
AQUILINO AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA
PAGTANGCAP SA SANGGUNIANG DAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T** isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;
- SAPAGKA'T** ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakalataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karaligan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulongan ng mga kinaaukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;
- SAPAGKA'T** isa sa nakikitung magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan ito;
- SAPAGKA'T** ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;

SAPAGKAT sa San Aquilino na siyang panglabinsiyam na barangay na pinagdautan ng sesyon ngayong Hulyo 17, 2000, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng San Aquilino.


DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Juan S. Advincula na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauapusi pangpasalamat sa Sangguniang Barangay ng San Aquilino at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.


IPINASYA RIN na ipadala ang copi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Aquilino sa pamamagitan ni Punong Barangay Esperanza C. Espiritu para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. Hulyo 17, 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO O. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/